

# SINO BA

# ANG

# KABILANG

# SA

# AMERIKA?

# 4.1.2020

**Kabilang tayo sa U.S. Sensus. May karapatan tayong lahat na makibahagi at sumali sa pag sagot ng survey na 10 minuto, na naglalaman ng 9 na tanong–kahit ano pa man ang katayuan ninyo sa citizenship o imigrasyon.**

## **WALANG TANONG TUNGKOL SA CITIZENSHIP SA 2020 SENSUS.**

Kahit anuman ang inyong katayuan pagdating sa citizenship o imigrasyon, ang pagkumpleto ninyo ng sensus ay nakakatulong sa paglagay ng pera at pulitikal na kinakatawan sa inyong komunidad.

**Kumpidensyal ang impormasyon ninyo sa Sensus.** Kapag may nahuling nag bibigay ng impormasyon ninyo sa ICE, sa inyong landlord, o ibang mga ahensya ng gobyerno o tao–kung sino pa man ito, kahit sila ay empleyado ng Census Bureau–magresulta ito sa 5-taong sentensya at/o isang multang naghahalaga ng \$250,000.

Kapag kinumpleto ninyo ang kuwestyonaryo ng Sensus–mapa-online man ito, telepono, o gamit ang koreo–gitna ng Marso hanggang Hulyo 2020:

- + **Nakakatulong kayo sa paglagay ng \$20,000 sa inyong lungsod, pati na rin sa inyong mga mahal sa buhay, kapit bahay, at komunidad–para sa mga parke, paaralan, nutrisyon (kasali ang libreng pagkain sa paaralan at Special Supplemental Program for Women, Infants, and Children/ WIC), pangangalaga sa kalusugan, abot-kayang pabahay, pagsasaayos ng daanan, serbisyong sa kaligtasan at emerhensya, at iba pa**
- + **May impluwensya kayo kung saan itatalaga ang mga negosyo, linya ng bus, aklatan (library), at mga palaruan (playground)**
- + **Sinisigurado ninyo ang inyong politikal na kinakatawan sa City Hall at Kongreso–at ang inyong kapangyarihang bumoto sa Electoral College.**

**Magpabilang at makibahagi ng patas.**

Hatid ng Sanctuary City Project  
@sanctuarycityproject

sf.gov/census  
#SFCounts #2020Census  
@sf\_immigrants

www.artandaction.us  
@artandaction.us

**SF** ★ 2020  
census  
**COUNTS**

**ART** +  
**ACTION**  
2020 Census